BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Paparating sa Downtown Brampton ang bagong mga pilot na proyekto ng sining ng publiko

BRAMPTON, ON (Oktubre 27, 2021) – Ang Downtown Brampton ay magkakabuhay sa fall na ito sa dalawang pilot na proyekto sa pampublikong sining na pinamunuan ng award-winning na organisasyon sa sining na STEPS (Sustainable Thinking and Expression on Public Space Initiative) Public Art. Ang unique na instalasyon na ito ay mas magpapa-access sa sining at aambag sa masiglang espasyo ng publiko para mag-enjoy ang komunidad.

**Traffic Control Box Wraps**
Ang limang traffic control boxes sa kahabaan ng Queen Street east ay babalutin ng sining mula sa mga artist na nasa Brampton na naitampok sa Proyektong Postcard – Iyong Kuwentong Artist ng Arts, Culture and Creative Industry Development Agency's (ACCIDA). Ipi-print ang artwork at iinstala gamit ang de kalidad na vinyl material na hindi nasisira ng ultraviolet (UV) at graffiti. Kabilang sa mga tampok na artist sina Aditi Kashyap, Amye St John, Annamarie Claudette, Malachi Watson-Narcisse at Michel Nwoye-Vincent.

**Downtown Storefront Murals**
Ang artist na nasa Brampton na si Meegan Lim, ay magta-transform sa anim na storefront sa kahabaan ng Main Street North gamit ang mga mural na may temang pagkain. Na-inspire ng diverse na kultura sa pagkain ng Brampton, ang mga mural na ito ay tutulong sa pagpapalakas ng sektor ng Turismo sa Pagkain sa Brampton habang pinapaganda ang downtown. Ang mga mural ay matatagpuan sa walang laman na mga storefront na magsasabuhay sa mga bakanteng espasyo.

Si Meegan Lim ay isang ilustrador at isang lumilitaw na arts facilitator na nasa Brampton na kilala sa kanyang detalyadong mga ilustrasyon na nakatuon sa pagkain at kultural na identidad, at sa malawak na mga kuwento na umiiral sa mga interseksyon na iyon.

Ang instalasyon para sa mga pilot na proyekto ng pampublikong sining ay makukumpleto sa unang bahagi ng Nobyembre.

Bukod pa sa mga inisyatibang ito sa pampublikong sining, ang ACCIDA ay nakikipagtulungan sa STEPS para maghandog ng dalawang "Public Art 101" workshop para suportahan ang mga lokal na artist sa paglinang ng kanilang mga skill sa propesyonal na mga pagkakataon sa pampublikong sining. Makikipagtulungan din ang ACCIDA sa Downtown Brampton BIA at sa mga lokal na negosyo sa libreng programa ng komunidad kabilang ang pampublikong sining para sa workshop ng mga negosyo, pagsasalita kaugnay ng sining at paglalakbay sa sining, at mas marami pa. Alamin ang mas marami pa tungkol dito at sa ibang mga event sa accida.ca

Ang STEPS ay isang award-winning na pangkultural samahan na nagpapabago sa sining ng publiko sa Canada. Nakatanggap sila ng maraming award para sa kanilang mga programa na mataas ang epekto, kabilang ang inaugural national Culture Days Innovative Event Award, ang XT City Prize, at ang

Imagination Catalyst Best Social Enterprise Award mula sa OCAD University. Alamin ang mas marami pa sa stepspublicart.org

**Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Mosaic at isang Mosaic na patuloy na nagkakabuhay salamat sa mga ambag ng ating komunidad. Ang mga pilot na proyektong ito ng pampublikong sining ay maghahatid ng sigla sa ating mapanlikhang komunidad at lumikha ng mga pagkakataon para sa mga lokal na artist, susuporta sa redevelopment ng downtown at ng lumalaking tanawing culinary ng Brampton, habang ginagawang mas accessible sa lahat ng miyembro ng komunidad!”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napaka-excited natin na makikipagtulungan sa STEPS para dalhin ang kanilang enerhiya at ang pagiging eksperto sa Brampton, nagpapakumpleto sa ating komunidad ng mga lokal na artist. Ang pampublikong sining ay nagsasabuhay sa mga lungsod at ang pilot na proyekto nito ay nagpapahintulot sa atin na kapwa pagandahin ang ating downtown at ipakita ang talento ng mga artist sa Brampton.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Council Panel Member, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Ang Brampton ay isang Mosaic at ang pinagtutulungang proyektong ito ay perpektong naglalarawan niyan. Ang mga mural na ito ay nakakatulong sa pag-ambag sa patuloy na transpormasyon ng Downtown Brampton at sa reimbensyon ng mga espasyo ng publiko para makatugon sa mga lokal na pangangailangan, susuporta sa pagbangon ng ekonomiua, at magpapalakas sa masiglang komunidad.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Ang partnersip na ito ay nakapagbigay ng umiiral na pagkakataon para itakda ang pangunguna para sa programa sa pampublikongsining na pinamumunuan ng Lungsod, nagpapamalas sa lokal na talento, nagtataguyod ng masigla at nagsasali sa lahat na mga komunidad, at nagpoposisyon sa Brampton bilang isang maunlad na kultural na destinasyon."

- *Erin Glover, Interim Program Director, STEPS Public Art*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

BRAMPTON

# Media Release

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca